

# PROLOGUE

Minsan akala natin nakita o naranasan na natin ang lahat. Na wala nang maiaalok ang buhay na hihigit sa mga bagay na nasa atin na. Hanggang sa dumating ang araw na sorpresahin tayo ng tadhana sa paraang hindi natin nakita sa ating hinagap kahit minsan.

Ako si Hope Amiros, isang manunulat. Ito ang istorya kung paano ko nakilala ang isang lalaking nag-iwan ng marka sa buhay ko at ang isa pang lalaki na biyaya't regalo naman sa akin ng Panginoon.

# 1

“Happy 18th birthday, Hope,” may kasamang ngiti ang pabuntong-hiningang pagbati ko sa aking sarili kasabay ng pagtapat ng mga daliri ng relo ko sa hatinggabi.

Nakatunghay ako sa ibaba habang nakasakay sa *Ferris wheel*. Aba! Nasa pinakatuktok na pala ako nang hindi ko namamalayan. Mabagal kasi ang paggalaw nito. Kayganda ng buwan at mga bituin mula rito, o mas akmanag sabihin na kayganda ng mundo sa kasalukuyan—tahimik, payapa, kalmado.

“Ayos ba?” pasigaw na tanong ni Tito Ned habang nakapamaywang na tinitingnan ang pagbaba ko sa ride na ‘sinagot’ niya para sa akin.

“Opo! Thank you po nang sobra!” tugon ko habang tumatakbo palapit sa kanya. Buti na lang at napapayag ko siya na makapasok ako kahit na hanggang 9:30 lang ng gabi bukas ang pinakasikat na amusement park dito sa Tagaytay—ang *Renvick’s Ranch*.

Si Tito Ned na kapatid ni Mama ay isa sa mga managers dito. Dahil totoong mabait siya, napapayag

ko siyang makapuslit ako sandali para sa mabilisang pagdiriwang ko ng aking kaarawan.

“Bakit naman kasi ang weird mo? Disoras ng gabi at mag-isa sa isang higanteng *Ferris wheel* ang trip mo. Ibang klase kang bata ka,” sabi niya sa akin habang iniipit ako sa kanyang mga bisig.

“Tito naman! Suportahan mo na lang ako. Birthday na birthday ko ’tapos ganyan ka,” tugon ko.

“Ay, sorry naman. Nga pala.” May dinukot si Tito Ned mula sa bulsa niya. Isang maliit na parihabang sisidlan. Ibinigay niya iyon sa akin.

Binuksan ko iyon at nang makita ko ang laman ay di ko napigilan ang matawa.

“Hala, makatawa naman ’to, o,” tila nasaktan ang damdaming sabi ni Tito Ned.

“Seryoso po kayo? Friction pen at bookmark? May igagaling ka pa dito, Tito!” Tinapik ko ang kanyang likod.

“Aba, demanding?” natatawa na ring ganti niya.

“Hindi! Joke lang! Salamat po, ah. Alam n’yo po talaga kung gaano ko kakailanganin ang mga ganito para sa hilig ko at pati na rin sa craft ko.” Nagustuhan ko lalo na ang personalized wire bookmark na

nakakorte sa aking maikling pangalan.

“Balang araw ay magiging sikat kang writer, baka pinakasikat pa,” sabi niya.

“Kaya mahal na mahal kita, Tito, eh. Pero thank you po talaga. Nakalibre pa ako dito. Alam n’yo naman kung gaano ko kagusto ang sumakay sa *Ferris wheel*.”

“Wala ’yun, hija. Pero alam mo, sa tingin ko kailangan mo nang umuwi. Baka malaman ng mama at papa mo na wala ka sa bahay. Mag-aalala ang mga ’yun.”

“Ay, true! ’Bye na po.” Nagmano ako sa kanya at tumakbo patungo sa bisikleta ko.

Maliwanag ang kalangitan ngayong gabi, kaya hindi ako nahirapan sa daan. Pagkatapos ng mahigit isang oras na pagpedal, naaninag ko na ang aming tahanan.

---

Itim na kawalan lang ang nasa harapan ko nang bulabugin ako ng bayolenteng pagyugyog ng aking hinihigaan. Nagtatalunan ang dalawang nakababata kong kapatid sa kama habang abot-tainga ang mga ngiti, at may mga hawak na pulang mga lobo.

Nakatayo sina Mama at Papa sa tabi ng pintuan, tangan ng huli ang isang hugis-pusong cake. Nang makita ko ang hawak ni Mama ay tuluyan na akong napabangon at sinunggaban iyon.

“*Jolly Spaghetti?*” Hindi ko nakikita pero sigurado ako na nagniningning ang mga mata ko sa mga sandaling ito.

Gustung-gusto ko nang simulang ubusin ang spaghetti. Mahal talaga nila ako!

“Happy 18th birthday, anak. Dalaga ka na,” naluluhang sabi sa akin ni Mama at niyakap ako.

“Ambilis ng panahon,” sambit ni Papa na inilapit ang cake sa akin. Naghihintay na ang 18 birthday candles. “Mag-wish ka na at hipan mo ang mga ’to.”

Pagkatapos kong mahipan ang mga kandila ay dali-dali kaming nagtungo sa hapag-kainan kung saan nakahain lahat ng gusto kong pagkain. Puno ang lamesa kaya dinala na lang namin sa sala ang mga plato namin at nanood na rin ng telebisyon.

Mayamaya pa ay balik-paaralan na ang lahat dahil tapos na ang Christmas vacation.

Nang bihis na ako at kukunin na ang bag ko sa kuwarto ko, nakita ko roon ang bunso kong kapatid

na si Jack na tila gulat na gulat sa pagkakita sa akin.

May kabilugan nang kaunti ang katawan niya, at bagay na bagay sa kanya ang bagong gupit niyang buhok—*mohawk* yata ang tawag sa style na iyon. Tulad ko ay nakauniporme na rin siya. Nasa unang baitang siya sa elementarya, habang ako ay nasa pangalawang taon na sa kolehiyo.

“Anong meron sa ’yo, *Jackee?*” tanong ko sabay pisil sa magkabila niyang pisngi.

“Wala, hanap ko lang pencil case ko,” sabi niya sabay nagmadaling lumabas ng kuwarto ko.

Napakibit-balikat na lamang ako at hinablot ang itim na sling bag na nakatabi sa isang unan.

Sa wakas! Makikita ko na uli ang mga kaibigan ko.

---

Daig ko pa ang kabayo sa bilis kong umakyat sa mga hagdan ng building kung saan ang una ko klase. Naglaan ako ng isa’t kalahating oras para sa biyahe dahil nasa Dasmariñas pa itong pinapasukan kong university, pero huli pa rin ako sa klase!

May aksidente at away-trapiko kanina sa kalsada kaya naipit kami sa traffic. Nang nasa harapan ko

na ang huling baitang, hinanap ko ang cellphone sa bag ko, at napansin kong may isang maliit na sobre sa tabi niyon. Kinuha ko iyon at siniyasat habang umaakyat, at nang huminto ako ay may nabangga ako dahilan para mawalan ako ng balanse at muntik na akong mahulog.

Buti na lang may kumapit sa akin at nahila ako palayo sa kapahamakan.

Tuliro pa rin ako sa mga pangyayari nang alugin ako ng lalaking nasa harapan ko. Nang magsimulang rumehistro ang mukha niya sa aking kamalayan, nakita ko ang labis niyang pag-aalala.

“Hey! Ayos ka lang ba? Bigla-bigla ka kasing sumulpot ’tapos tumatakbo ka pa.”

“A-a-ayos lang. Okay lang ako. Medyo windang lang nang konti. Sorry. Hindi ako nakatingin sa dinadaan ko. Muntik ka rin tuloy madisgrasya dahil sa ’kin...”

“Akala ko naman gigilid ka kasi nagsi-setup ako dito. Kukunan ko sana ’yung view sa labas. Kaso dumiretso ka pa rin sa puwesto ko.”

“OMG!” sigaw ko.

“Bakit?”

“Yung mga gamit mo muntik ko ring masira. Naku ’yung camera mo, ’yung...”

“Huwag kang mag-alala. Nakasukbit pa sa leeg ko itong *DSLR* at di ko pa nalalagay sa tripod,” sabi niya habang itinatayo ang tripod na nahulog sa sahig. “Ito lang naman ang nadali ng paa mo. Di rin naman nasira, o. Kahit ’yung camera walang gasgas o kung ano pa man. No worries!”

Tumango-tango ako habang nakikinig sa kanya. Mabilis pa rin ang tibok ng puso ko. “I’m very sorry ulit. Ahm...bale... I need to go na. Late na ’ko, eh.”

“Wait, sa ’yo ’to, di ba?” Kinuha niya ang sobrang nahulog dalawang baitang mula sa kinatatayuan namin at iniabot sa akin.

“Ay! Oo, sa ’kin nga. Thankeee!” Naglakad na ako palayo. Lagot ako kay Mrs. Ridafle, ang una kong professor sa araw na ito. Unang araw ng pasukan ay late ako.

T315, T316... malapit na ako sa classroom. Mabilis kong binuksan ang sobre sa aking kamay. Isang pilas ng Grade 1 paper ang nakatupi. Binuklat ko iyon at nakilala ang sulat-kamay sa loob.



*If I Choose - Kai Esperanza*

---

*Sabi ni Kuya Shane pwede ka na magboyprend.  
Sabi ko hindi mo gagawin yon kasi ako lang love  
mo. Huwag ka muna magboboyprend, Ate Hope.*

*Love,*

*Jack*

Ngumingiti at umiiling-iling na ipinasok kong muli ang sulat sa loob ng sobre at pagkatapos ay sa aking bag.

Pagtapat ko sa T318 ay kumuha muna ako ng lakas ng loob kung di man ng kapal ng mukha. Dali-dali akong yumuko at humingi ng dispensa kay Ma'am Ridafle. Binigyan niya ako ng isang hindi magandang ngiti—ayos na kaysa sermonan pa niya ako sa harap ng klase.

Nakita ko kaagad ang hinahanap ko—ang tatlo kong bruhildang kaibigan na nasa likod. May bakanteng silya na inilaan para sa akin siyempre. Sa upuan sa kabilang dulo ay may isang guwapong lalaki na siguro ay transfer dahil ngayon ko lang nakita.

Masaya ako na kasama ko na muli ang barkada.

“Late ka! Porque birthday dapat gan'on?” nagtataray-tarayang tanong ni Mel.

“Pwede mamaya na lang? Focus muna 'ko, okay?”

“Sino ba ang maingay diyan sa likod?” galit na bulyaw ni Mrs. Ridafle.

Umayos kami ng upo at yumuko. Sa gilid ng aking mata ay nakita kong pilit na pinigilang matawa ng guwapong lalaki na nasa dulo ng aming linya.

Nang bumalik na si ma'am sa pagtuturo, “Happy 18th birthday, Hope. Kain us sa labas mamaya, ha?” bulong ng mga kaibigan ko.

## 2

May homework kami sa halos lahat ng subjects namin sa araw na ito. Ramdam na ramdam ko na naman ang pagiging iskolar sa pagsisipag ko ngayong gabi. Dahil sa napanatili ko ang aking full scholarship sa *Tegio University*, hindi ko na kailangan pang magbayad ng matrikula na tatlumpu't limang libong piso lang naman. Miscellaneous fee at 'other fees' para sa laboratories at exam booklets na lang ang iniintindi ko.

Nasa sekondarya pa lang ay iskolar na ako. Kaya, oo, pwede nang sabihin na bata pa lang ako ay palagi na akong *pressured*. Hindi naman sa nagrereklamo ako.

Hindi sapat ang kinikita ni Papa sa pamamasada niya ng jeep na ipinapahiram sa kanya ng kapit-bahay naming si Sir Travis. Si Mama, nagtatrabaho bilang volunteer librarian sa panlungsod na aklatan, at siya ang namamahala sa maliit naming karinderya. Pagsamahin man ang kinikita nilang dalawa'y hindi pa rin sapat para sa gastusin naming tatlong magkakapatid sa pag-aaral. Sina Shane at Jack, bagaman nasa mga pampublikong paaralan, may iba

pa ring pangangailangan.

“Ate! Ate, gising na, magluluto ka pa.”

Hindi maganda ang gising ko. Parang may pumupukpok sa ulo ko.

“Anong oras na ba?” tanong ko kay Shane. Napatingin ako sa bintana na natatakpan ng manipis na luntiang kurtina. “Patay!” ungol ko bago pa siya nakasagot, sabay takbo palabas ng aking silid.

Maliwanag na maliwanag na, at sa mga oras na ito ay nasa kusina na ako dapat at nagluluto ng mga pambaon namin.

“Ate, bilisan mo. Bakit ba kasi late ka nagising?” tanong ni Shane.

“Nakatulog ako habang gumagawa ng assignment.” Hala! Sana natapos ko ang mga iyon bago ako nakatulog. Kahit ba sa Biyernes pa iyon ipapasa, magiging abala ako sa pagtulong kay Elle para sa nalalapit niyang debut.

Mamaya pag-uwi ay mamimili kami ng damit na susuotin. Bukas, Huwebes, wala kaming pasok kaya gugugulin namin sa pamimili ng mga gagamiting pandekorasyon sa kanilang bahay.

Kailangan ko nang umalis agad-agad matapos

maligo. Medyo nainis pa ako nang makitang wala sa sadyang lugar ang bisikleta ko.

Binilisan ko ang pagpedal hanggang sa makarating kina Tita Lana kung saan ko iyon iniwan. Naglakad pa ako nang kaunti hanggang sa makarating sa highway.

---

Paminsan-minsan talaga ay maiinis ka sa mga siksikang bus lalo na kapag wala ka sa mood na tumayo at pakiramdam mo ay tinititigan ka ng lahat ng mga pasahero na komportableng nakaupo.

Hinuhuli ko ang mga mata ng katapat kong lalaki na nagkukunwaring natutulog nang magpreno ang driver. Nakabitaw ako sa pagkakahahawak ko sa upuan at napasalya sa katabi ko na nakatayo rin.

Nakita ko ang paglabas ng mga ugat sa kanyang kanang brasong nakakapit sa handrail dahil sa pagdadala niya ng bigat ko. Naramdaman ko ang isa pa niyang braso sa aking baywang na tinutulungan akong tumayo nang ayos. Dagli kong inalis ang mga kamay ko na nakapatong sa dibdib niya, at humawak muli sa upuan.

“Kumapit ka kasi nang mabuti, Hope.”

Paano nalaman ng lalaking ito ang pangalan ko?

“Kaklase mo ’ko kahapon, ahm... sa dalawang subjects,” patuloy niya na tila ba narinig ang aking iniisip. Marahan siyang natawa, siguro sa reaction ko sa kanyang sinabi. Marahan din siyang napailing at kasabay niyon ay gumalaw ang buhok niyang abot sa itaas ng kanyang mga mata. “Nasa line n’yo ako. Hindi mo ako matandaan?”

Ah! Siya iyong transfer student na nasa linya ng squad namin noong unang subject kahapon. “Oh! Hi. Sorry, sorry. Sorry din kanina nung natamaan kita.”

“N’ung nahulog ka sa akin? Okay lang ’yun,” nakangiti niyang sabi.

“Ah, yeah. Semi-clumsy kasi ako so pasensya na,” nahihiyang pag-amin ko at napangiti na rin. “Ano nga pala ang name mo?”

Inilahad niya ang kaliwang kamay, “I’m...”

Nagpreno na naman si Manong Driver at naalis muli ang kapit ko sa upuan. Mabilis akong nasambot muli ng kausap ko, at sa pagtunghay ko ay napakalapit ng kanyang mukha.

Bigla niya iyong inilayo at natawa. Natawa na rin ako sa pangalawang beses na pagpapahirap ko

sa kanya.

“I’m Grey. Nice to meet you.”

“Maupo ka na nga dito, hija. Baka maumay ako sa kilig ko sa inyo, eh,” sabad ng isang matandang babae na nasa upuan sa isang tabi namin. Tumayo siya at nguming tila ba tinutukso kaming dalawa ni Grey sa isa’t isa.

“Thank you po, Lola,” saad ko.

Lumakad na siya palayo, pababa na.

“May chemistry pala tayo, eh,” sabi ni Grey na nakatayo pa rin. Kawawa naman siya, wala pa ring maupuan, eh, ang layo-layo pa namin.

Marahan akong tumawa. “Magiging kaklase ka ba namin ngayong araw?”

Napako ang tingin niya sa akin nang may sampung segundo siguro bago siya ngumiti at sumagot. “Yes, sa Philosophy.”

Habang nakatayo siya ay di ko napigilan pag-aralan ang kanyang kabuuan. May kaputian ang kanyang balat. Nakatago sa ilalim ng salamin ang medyo singkit at magagandang mga mata niya. Medyo mamula-mula ang kanyang mga labi. Slim siya pero iyong tipo na may muscles pa rin. Ang

buhok niya talaga ang nakapukaw ng aking atensyon. Napakaganda kung paanong natatakpan niyon ang noo at nagtatapos sa itaas ng kanyang mga mata. Lalo tuloy nabigyang-diin ang nangungusap niyang mga mata.

Nakita kong kinukunan siya ng litrato ng ilang pasaherong high school students.

“Shh! Huwag kang magulo!”

“Patingin, patingin!”

“Hala! Photogenic din.”

Ang landing mga bata, o! De, biro lang. Narinig ni Grey ang mga babae, lumingon sa mga ito, at ngumiti. Ginawa naman ng mga dalaginding na itago ang kanilang kilig, pero hindi sila nagtagumpay. Mas mapula pa sila sa kamatis.

“Ano ba’ng course mo?” tanong ko.

“Mechanical Engineering, Second Year. Kaka-transfer ko lang galing Manila.”

“Ah...” Tumango-tango ako. “Ano’ng mga inaaral n’yo sa ME?”

Tumawa siya nang marahan. Dinukot niya sa kanyang kanang bulsa ang puting earphones. “Art



appreciation, Integral Calculus, Machine Shop Theory, Safety Management...” Ikinabit na niya iyon sa kanyang cellphone at ipinasak sa kanyang mga tainga.

Tumayo at umalis ang aking katabi, at umipod na ako sa tabi ng bintana. Nasa tabi ko na kaagad si Grey. Mabilis niyang pinasakan ang kanang tainga ko ng isang earphone. Sabay naming pinakinggan ang tugtog.

*Don't waste your time on me*

*You're already the voice inside my head...*

“Ano’ng title neto? In fairness, maganda.” Tinanggal ko ang earphone sa aking tainga at humarap sa kanya. Gustong-gusto ko talaga kapag may mga bagong kanta akong nalalaman.

“*I Miss You* by *blink-182*,” tugon niya. “Nagustuhan mo?”

“Oo, mahilig ako sa music.”

“Kaka-discover ko lang sa kantang ’yan kaninang madaling-araw. Pinatugtog sa radio, nagandahan ako kaya hinanap ko’t dinownload.”

Nakinig pa kami ng mga kanta na nasa kanyang playlist hanggang sa makarating kami sa unibersidad.

Naghiwalay na kami ng landas pagpasok sa gate.

Sa *T and E Building* ako sa kaliwa, siya ay sa *I and O Building* sa kanan. *G Building* ang nasa gitna. Tumingin ako sa kanya saka nagpatuloy na muli sa paglalakad.

“Hope!”

Lumingon ako.

“Kita-kits sa Philosophy, and belated happy birthday nga pala. Narinig ko sa mga friends mo kahapon,” sabi ni Grey sabay kindat at ngiti sa akin.

Tumalikod na siya.

---

Hindi ko alam na ang landi ko rin pala dahil second day pa lang ng pagbabalik-eskwela ay may bago na uli akong crush.

Maaliwalas ang paligid ngayong umaga. Hindi ko nga lang alam kung dahil ba sa magandang panahon, o dahil sa iba lang talaga ang saya ko sa araw na ito. Habang naglalakad patungong classroom, narinig kong tumunog ang aking cellphone.

*“Good day, bookworms. Let me remind you of our Annual New Year Gathering @ Lucinda’s Café, 4-6:30*

pm. See you there :D”

Patay! Nakalimutan ko ang event na ito. Bibili pa naman kami nina Elle ng damit niya mamaya pagkatapos ng klase. Hindi ko naman pwedeng isnabin na lang itong event mamaya. Favorite organization ko kaya ang *Book Aficionados*, ’noh! Mahal na mahal ko ang mga kasama ko doon at kung mayroon mang isang bagay na ginagastusan ko talaga, walang iba kundi sa mga libro.

“Ano ba ’yan!” sabi ko na lang at pumasok na.

“Hope! Excited na ’ko mamaya. Eto, o, I saved pictures ng mga dress na type ko,” bati ni Elle.

Nilapitan ko siya sa kanyang upuan. “Galing *Pinterest* ’yan, ’noh?”

“Yeah! So pretty, di ba?”

“Elle, medyo may problema...”

“Huh?”

“Meron pala kaming event mamaya sa *Lucinda’s. Book Aficionados*, ’yung isa kong org. Nakalimutan ko, eh. Alam mo naman kung gaano ko ka-love ’yun, di ba?”

“Ah, gan’un ba? Sige, okay lang kami ni Mel. Go

ka na.” Nagtatampo na ang bruha.

“Kaso...”

“Kaso ano?”

“Kaso... mas love kita, eh! Kaya di na lang ako pupunta d’un. Sasamahan kita sa shopping mo.” At niyakap ko siya nang pagkahigpit-higpit.

“Eew! Ang sweet, nakakainis,” sabi niya at tumawa. “Pero alam mo, you have to go.” Kumalas siya sa akin.

“Hindi na nga.”

“Napadaan ako sa tapat ng *Lucinda’s* kanina. Bongga ’yung mga decorations. Iyon pala ’yung event n’yo. Mukhang magiging masaya mamaya, so you should be there. Alam ko kung gaano ka ka-involved d’un. I understand, friend. Kaya ganito na lang, after na lang ng event n’yo tayo umalis para mag-shopping. Kitain ka na lang namin sa labas ng school. Kuya Harry is gonna drive.”

“Uy! Pwede. Pero... as in okay lang talaga na mabago ’yung plano?” Nakokonsyensya ako.

“Yep! Puntahan na lang muna namin nina Margs, Lovely at Mel ’yung nagpaparenta ng videoke. Sunduin ka na lang namin nina Kuya pagkatapos,

then sa mall na us.”

“Okey-dokey. Exactly 6:30 nasa labas na ako ng school.” Tumunog na ang bell at umayos na ang lahat sa loob ng classroom.

---

Mabilis na umusad ang oras. Maagang tinapos ni Ms. Eros ang Statistics class namin.

Nanood kami ni Grey ng mga nakakatuwang videos ng favorite *YouTuber* niya nang lumabas sa kalagitnaan ng Philosophy class si Mr. Liporada upang magbanyo. Ang tagal niyang bumalik kaya halos lima ang napanood namin.

Tapos na ang lahat ng klase ko ngayong araw kaya patungo na ako sa *Lucinda's Café* sa ground floor ng *G Building*.

Nag-crave ako sa ‘*mega treat*’ na itinitinda sa pinakatuktok na palapag ng *G Building*. Sa halip na dumerecho sa *Lucinda's* ay umakyat ako sa hagdan.

Nang makuha ko na ang order ko ay mabilis kong tinuhog ang mga fries na natatakpan ng barbeque powder, na in fairness ay mas madami kumpara sa sadyang inilalagay nila.

Habang kumakain ay napalingon ako sa mga

babaeng nagsisigawan sa bandang gilid. Nagtitilian sila at pinagtitinginan na ng mga tao. Lumapit ako nang kaunti para makiusyoso.

Mayroon silang tinatawag sa *Tegio Grounds*. Hula ko ay lalaki na malamang ay pogi. Mas lumakas ang tilian nang kumaway pabalik ang lalaki sa baba. May hawak siyang camera.

Saktong naubos ang binili ko nang makababa ako. Itinapon ko ang lalagyan sa isang kalapit na basurahan.

Tanaw kong marami nang tao sa labas ng *Lucinda's*. Napatakbo na rin ako sa excitement. Pagpasok ko ay sinalubong ako ng mga ngiti at yakap mula kina Ate Arya, Ate Katarina, Vicky, Kuya Herc, at Eduard. Sigurado akong maraming bagong miyembro dahil hindi kami ganito kadami noon.

“Belated happy birthday, Hope! Ano’ng ganap n’ung debut mo?” Nakaakbay sa akin ang current president ng book club na si Ate Katarina.

“Simpleng handaan lang with the family sa house namin,” nakangiti kong tugon sabay napalingon sa tila isang photo exhibit sa pinakadulong bahagi ng silid. “Tama ba ’yung nakikita ko?”

“Oh, yes. Napansin kasi naming mga officers na

ang dami nating members na into photography rin. So we held a contest. They have to take a picture that shows the concept of their favorite book. Something like that,” sagot ni Ate Katarina.

Naglakad ako papunta sa photo exhibit. May hilig din ako sa Art.

Sa gitna ay makikita ang sulat na nagsasaad na ibinibenta ang mga naka-display. Isa-isa kong tiningnan ang mga larawan. Kasamang naka-display ang aklat na siyang inspirasyon ng bawat litrato.

“Whoa!” Napasinghap ako sa ikatlong larawan na hango sa *Twilight* ni *Stephenie Meyer*. Makikita ang isang babae at lalaki na kapwa nakaupo sa matibay na sanga ng isang may katamtamang-taas na puno, sa isang malamig na dapit-hapon. Kitang-kita sa mga mata ng nasa larawan ang repleksyon ng papalubog na araw, at kung paanong tila hinihintay talaga nila ito. Conceptual photography ang isang ito.

“*Lang Leav, Memories,*” basa ko pagkalipat sa ikaapat na litrato. Isang babaeng hinahangin ang kulot at mahabang buhok, na tumatabing sa malaking bahagi ng kanyang mukha. Tila nagsusumamo siya, parang may gustong kunin, pero hindi iyon maabot.

Nasa dalawampu ang sumali sa paligsahan. Lahat

ay mahuhusay. Mayamaya ay nakita ko ang isang screen na nagpapalabas ng clip ng mga feathers na tila bumabagsak mula sa langit.

“Hi!”

Gulat akong napatingin sa tumabi sa akin. Hindi agad ako nakapagsalita.

“Pasensya na. Natutuwa lang ako na may nakaka-appreciate sa gawa ko,” sabi ng lalaki. “Mind if I take your picture?”

Marahan akong umiling. He clipped picture of me. Nang tumunghay siya mula sa pagsipat sa larawang kinuha, nakangiti siya sa akin.

He looked familiar.

Nakita ko na siya. Saan nga ba?

“Aha! The girl who almost fell down the stairs. Buti nandoon ako,” sabi niya.

Uminit ang aking mga pisngi at awtomatikong itinakip ko doon ang mga palad ko. Nakakahiya!

“Oh! Sorry talaga.”

Sabay kaming tumawa. Tumama sa kanyang naka-ponytail na buhok ang tali ng camera habang tinatangal niya iyon para ipatong sa isang lamesa.



“No way!” Tumakbo ako palapit sa isang malaking canvas na nakatayo sa gitna na naglalaman ng larawan ng kalangitan sa iba’t ibang kulay. Malamlam na dilaw, rosas, nagbabagang kahel, at ang paborito kong lila.

“Yan ang pinakapaborito kong hitsura ng langit, tuwing hapon.”

“Pareho tayo,” tugon ko.

“Magandang tingnan ang paglalaban ng mga kulay, di ba?”

“Para sa ’kin, hindi sila naglalaban. Parang may kanya-kanyang mundo ang bawat isa.”

“Sabagay...”

“Artist ka pala. Ang ganda ng gawa mong ito. I like it!” Tumunghay ako sa kanya mula sa mariing pagtitig sa larawan. Teka, hindi ko pa pala siya kilala!

“I take pictures for a living. I paint for leisure. If that makes me an artist... By the way, I’m Sky Sebastian.”

“Huh?” Natawa ako sa significance ng kanyang pangalan. Parang coincidence.

Sa pagkilos ko ay natamaan ng aking kamay ang

camera na nakapatong sa lamesa. Napahiga sa sahig si Sky para masambot ang kanyang gamit. At salamat sa Diyos nagawa niya!

Tumingin siya sa akin at napangiwi na lang ako.

“Now, you owe me your name.”

“Hi, Sky. I’m Hope.”

---

Hinila niya ako patungo sa isang booth. May maliliit na mga lobong nakadikit sa isang malaking board. Lumapit siya sa babaeng nagbabantay roon at nagbayad ng taya para sa twenty darts.

“Seriously?”

Hindi siya umimik, bagkus ay kinuha ang aking kamay at inilapag sa palad ko ang maliliit na darts.

“Hindi ako magaling sa ganito.”

“You should try. Kailangan mong manalo para makuha ko ’yung mga premyong libro. Nakikita mo ba ’yung mga ’yun? Ang daming international and local publishers ang nag-sponsor ng event ngayon. They gave free books, and believe me, they’re good titles,” sabi niya.

“Bakit di na lang ikaw gumawa? Tingin ko may

chance ka talagang manalo.”

“Dahil kailangan mong bumawi sa ’kin...”

“Oo na. Naperwisyo na kita nang ilang beses. Fine, I’ll do this! And if I fail?”

“Kailangan mong makaputok ng ten balloons in one minute para makakuha ng dalawang libro,” sabad ng tagabantay.

“I told you. Talo na tayo kaagad,” nakasimangot kong sabi kay Sky. Ayokong mapahiya rito at mapagtawanan sa kawalan ko ng galing sa ganitong klaseng laro.

Dumarami na ang mga tao dito. Parang may artista lang?

“Just do it.” Marahan niya akong itinulak paharap sa aking kalbaryo.

“Okay, but don’t laugh,” banta ko sa kanya.

Umakto siyang isini-zipper ang kanyang bibig.

Pagkabilang ni Ateng tagabantay, mabilis kong inihagis ang unang dart. Pumalya. Siyempre, ano pa nga ba ang dapat asahan? Halos matamaan ko iyong pulang lobo sa pangalawang tira. Sablay pa rin.

Pangatlo, sa wakas! Pang-apat, panglima, pang-

anim! Aba! Sinuswerte yata ako. Mayamaya, di na naman ako makaputok ng lobo. Binibilangan ako ni Ate kaya dagdag pressure.

Sa tabi ko, naririnig ko ang pigil na pigil na tawa ni Sky. Sampung segundo, 7 palang ang napuputok ko. Limang segundo na lang. Ayaw pa rin! Ano ba? Napasinghap ako nang tatlong magkakasunod na lobo ang tinamaan ng huling tatlong darts, saktong sampung lobo bago naubos ang oras ko.

Lumignon ako at nagkibit-balikat ang tawang-tawang si Sky.

“Miss, pwede na ba naming makuha ’yung premyo namin?” tanong niya kay Ate.

“Kaso ikaw ’yung nakatama d’un sa huling tatlo. Dapat siya lang,” tugon ng babae. “Pero, sige na nga. Choose two books.”

Wow! Napapayag niya iyong babae na bigyan kami ng premyo kahit na nandaya siya.

Tuwang-tuwa kaming umalis ni Sky sa booth. Napansin kong marami pala ang nanood sa amin kanina. Sinugod namin ang lahat ng booth.

Natalo kami sa *Book Geeks*. Si *James Patterson* ba naman ang isinagot niya sa tanong kung sino

ang author ng *Deception Point*. Ugh! Si *Dan Brown* kaya! Hindi rin namin pinalagpas ang photo booth. Masayang kasama si Sky. Para akong nakahanap ng instant best friend. Sa sobrang enjoyment, nakalimutan ko ang oras.

Natapos ang event ng 6:30PM, pero tinulungan ko pa si Sky na mag-ayos ng kanyang mga gamit. Nakalimutan ko na dapat nasa labas na ako dahil naghihintay na ang mga kaibigan ko.

Dali-dali akong nagpaalam at tumakbo na. Inexpect kong irita na ang aking mga kaibigan, pero...

“Bilisan mo! Magkukuwento ka pa sa amin.” Hinila ako ni Mel.

“Kahit na pinaghintay mo kami nang mahigit fifteen minutes, patatawarin ka namin,” sabi ni Elle na may emphasis sa salitang *mahigit*.

Ano’ng nangyayari?

“Si Sky lang ’yun, ano ba kayo?” medyo naiinis na sabad ni Lovely na nasa front seat.

“But Sky is *something* in our university. Looks like he’s *something* here, too,” sabi ni Kuya Harry pagkatapos i-start ang van.

Nalilito na ako. Kilala nila si Sky?

*If I Choose - Kai Esperanza*

---

Nagsalita mula sa likod si Margarete. “Hope, pwedeng ngayon mo lang talaga nakilala si Sky, and that you haven’t heard much about. Pero, believe me, Sky is one great guy.”

“Kaya pwede ba magkwento ka na!” sigaw ni Mel at sabay silang tumili ni Elle sa aking makabilang-gilid.

Muli silang sinaway ni Lovely parang wala sa mood.

# 3

“Nag-hangout kayo na para bang matagal na kayong magkaibigan?” Si Mel.

“Ah, siguro. Parang gan'on na nga,” tugon ko.

“Anong parang gan'on? 'Yun talaga ang nangyari. Oh, gosh! This is big news,” sabi ni Elle.

“Alam n'yo, kanina pa kayo ganyan. Hindi n'yo ba ipapaliwanag kung ano talaga'ng meron? Bakit ganyan ang mga reaction n'yo? Sino ba si Sky? Kainis, ha!”

Naramdaman kong kumilos si Margs sa likod. Ngayon, mas malapit na ang kanyang tinig.

“Nag-transfer si Sky dito galing sa school nina Harry and Lovely,” saad ni Margs.

“He spent his entire high school years and first year college sa university namin, then lumipat na siya,” segunda ni Kuya Harry.

Kumanan kami sa unang kanto.

“Bakit siya nag-transfer.”

“Good question. Anak si Sky ng university president. Rich, good-looking, talented. Habulin

ng mga babes.” Marahang tumawa si Kuya Harry. Huminto siya nang magpula ang stoplight.

“Hindi mo naman sinagot ang tanong ko, eh.”

“Hindi ko rin alam. Siguro hindi niya kinaya ang sobrang special treatment sa kanya d’un. Maybe he felt like everyone was making it too easy for him.”

Napatango-tango si Mel. “Walang challenge. Baka naisip niya hindi ’yun fair.”

“Baka kaya talaga siya lumipat ng school is to have his own identity. It’s difficult to always be in the shadow of your successful dad,” ani Elle.

“Close ba kayo, Kuya Harry?” tanong ko.

“We have the same group of friends. Nakasama na rin siya ng tropa sa mga gala namin.”

Umandar nang muli ang sinasakyan nila.

“And here sa *Tegio*, nagawa niyang maging malaya. Pero wala nga lang talaga siyang magagawa dahil pogi talaga siyang tunay, with a hot body, ’tapos artist pa! Naku po! N’ung minsan nga na may painting activity sila sa school grounds, pinagtinginan talaga siya. Imagine, paint of different colors scattered all over his shirt. Take note, mainipis na white T-shirt ang suot niya n’un! He’d really attract an audience.



Kung ayaw man niya ng gan'on, wala na siyang magagawa," dagdag ni Mel.

"Still, kahit paano nagagawa pa rin niyang magpaka-low profile dito. Kaya maraming mas sikat sa kanyang guys. Pero 'yun nga, kapag siya na 'yung dumadaan, everyone is awed dahil he has this mysterious aura. Plus, he's not just handsome. Nakalimutan nga pala naming idagdag na he's also good in academics," sabi ni Elle.

Naramdaman kong tumatango ako.

Natatanaw ko na ang mall...

"Alam n'yo, I never encountered him before. Wala rin akong narinig man lang ng tungkol sa kanya. Wala rin kayong naikuwento," sabi ko.

"Told you, nagagawa pa rin ni Sky na magpaka-low profile. He's never entertained girls before you. Hindi naman sa rude siya sa mga nagpaparamdam. He just walks away from the spotlight as much as possible," saad ni Margs. "At saka hindi ka kasi nakakasama sa mga kuwentuhan. Palagi ka kasing nasa library."

"Siguradong naka-encounter ka na rin ng mga usapan tungkol sa kanya, hindi mo lang siguro napapansin. You have your own world, remember?"

sabi ni Mel.

Base sa mga kuwento nila, pinipili ni Sky na dumistansya sa tao. Nakapagtatakang napaka-friendly niya nang nagkasama kami sa *Lucinda's*. Wala akong naramdamang pagkailang. Katunayan, parang sobra kaming komportable sa isa't isa.

Sa gitna ng usapan, tahimik lang si Lovely sa passenger seat sa unahan.

Matapos ang shopping na nauwi sa pagbili ng lahat ng kanya-kanyang damit, umuwi kaming lahat na pagod na pagod pero masaya. Binilhan ako ni Elle ng damit na susuotin sa kanyang party sa kabila ng aking pagtangga. Buti na lang umayos ang bad mood ni Lovely.

Akala ko sisirain niyon ang araw naming lahat. Si Kuya Harry ay nakarami raw ng slice ng pizza at nakadalawang order ng fries sa *S&R* habang naghihintay sa amin.

Dumaan ang Huwebes na inilaan namin para bumili ng mga pandekorasyon sa debut ni Elle. Natagalan kami dahil sa metikulosa ang tisay naming kaibigan. Hindi papayag na may makalusot sa pastel theme na gusto niya.

Hindi ako nakapasok noong Biyernes at Sabado

dahil nilagnat ako. Pag-uwi ko kasi galing sa pag-aayos kina Elle noong Huwebes ay tila magaan ang aking ulo at sinisipon na rin ako. Bandang hatinggabi ay natuluyan na akong lagnatin at matindi rin ang sakit ng lalamunan ko.

Sinikap kong magpagaling agad dahil sa Linggo na ang debut ni Elle na magiging isang surreal na gabi pala hindi lang para sa kanya, kundi maging sa akin.

*Dear Diary,*

*Mayroon akong ikukuwento sa 'yo. Wala akong masabi sa 'yo na kakaiba nitong nakaraang dalawang taon, pero ngayon mayroon na! Buti naman at naalala ko kung saan ko huling itinago ang susi mo. Palagi kong nakakalimutan!*

*Alam kong magugulat ka. Pero huwag mo akong huhusgahan, ha? Biglang-bigla rin ako sa totoo lang. Unang beses kong naranasan iyon at ganoon pala ang pakiramdam—nakaliliyo at kahit alam kong mali, di ko maitatangi ang silakbo ng saya.*

Late na akong nakarating sa selebrasyon ni

Elle. Medyo nahihilo pa rin at nangangalay ang mga kalamnan ko. Nang makarating doon, narinig kong tuinutugtog ang *That's What I Like* ni Bruno Mars.

Nakita ko ang sarili ko sa gilid ng makeshift stage. Ang daming di pamilyar na mukha.

“Palakpakan natin ang ating debutante with Mr. Aries Francisco,” anunsyo ng lalaking host.

Nagbago ang tugtog, hudyat ng pag-akyat ng susunod sa 18 Roses. Tinotoo nga ni Elle na modern dance ang gawin para raw maiba naman.

Hinahanap ko sina Margarete at Mel nang matanaw ko ang isang pamilyar na mukha. Sa dami ng mga taong nakikiindak sa nakahahawang sayawan sa entablado, nahirapan akong makalapit sa kanya.

Nahuli ko ang kanyang mga mata at patuloy kaming nagtitigan hanggang sa makarating ako sa kanyang puwesto. Sa mga napapanood ko sa palabas, naggiging slow motion ang lahat kapag nakikita mo si Crush na papalapit sa iyo. Pero ako ang naglalakad patungo sa kanya.

Lumitaw sa kanyang mga labi ang isang tabinging ngiti na naging paborito ko kaagad. Ang kisig niya talaga!

*Ugh, Diary! Parang malamig na tubig sa mainit na panahon ang boses niya.*

“Hello!” bati niya sa akin nang nasa tapat na niya ako.

“Hi, Grey! Invited ka?”

“Aray! Ayaw mo ba? Sige, aalis na lang ako.” Akma siyang tatalikod at dali-dali ko siyang pinigilan.

“Joke lang!”

Nahawakan ko ang braso niya at nabigla ako sa sensasyong dulot niyon. Sana hindi niya nahalata ang reaction ko, pero mukhang huli na. Mariin siyang tumitig sa aking mga mata. Dahan-dahan niyang hinawakan ang mga kamay ko at agad binitawan din ang mga iyon.

Tumingin siya sa nagaganap na presentation ng 18 Best OOTDs ni Elle sa malaking screen sa entablado.

Inaya niya akong maupo sa kalapit na lounge chair. Tinapik niya ang espasyo sa kanyang tabi. Marahan akong umupo roon. Inilapag ko ang maliit kong violet sling bag sa pagitan namin.

“Nagkasakit ka pala.”

“Oo, eh. Hindi pa nga ako one hundred percent na magaling. Tingnan mo 'ko, di ba ang chaka ko?”

“Huh? Ang ganda mo nga ngayong gabi, eh. Bagay sa 'yo 'yang look na ganyan. And green suits you.”

Isinuot ko ang off shoulder long sleeved crop top at A-Line denim skirt na binili ni Elle para sa akin. Awtomatiko akong napatingin sa kanyang suot at nakitang pastel green din iyon. Isa iyong fitting cardigan na deep V-necked kaya litaw ang kanyang dibdib. Healthy iyong tingnan kahit maputi ang kutis niya.

“Let's now proceed to the 18 Wishes and after that... kainan na!” sabi ni Auntie Emmie at napabaling kami sa kanya.

“And after that, pool party na!” sigaw ni Uncle Anjo.

Tumawa ang marami.

Natapos ang 18 Wishes na napapaiyak kaming magkakaibigan. Medyo kumalat ang mascara ni Mel kaya nauwi kami sa pagtawa.

*Ang sasarap ng handa sa bonggang buffet ni Elle. Kung iisa-isahin ko ang nasa menu nila, naku, Diary,*

*maiinggit ka! Magkakasama kaming lima sa lamesa, pati si Grey.*

“So, Grey, are you having a good time? Nakita ko na kausap mo kanina sina Leroy at Nick,” ani Elle na katabi kong kumakain.

“I am having a great time. And your cousins are cool, Elle,” sagot ni Grey.

“Naku, Hope, Leroy is looking nga pala for Shane. Alam mo naman na vibes na vibes ng pinsan ko at brother mo,” baling sa akin ni Elle.

“Happy birthday na lang daw sabi nina Mama at Papa, pati nina Shane at Jack. Sorry daw talaga kung hindi sila makakapunta. Matagal na kasing naka-set ’tong date na ’to for the get-together na pinlano ni Lola sa Las Piñas. Halos lahat ng relatives namin, umoo na sa araw na ’to. Gusto talaga nilang pumunta dito kaso di talaga ker. Sabi ko nga sa kanila, paki-hug na lang ako kay Lola, and I’ll visit her myself na lang,” paliwanag ko.

“Naku! Sabihin mo okay lang. Basta ’ka mo gift ko, ha?” Tumawa siya. “Joke lang!”

Pagkatapos ng kainan, naganap ang 18 Gifts sa pool area. Nagpalit na ang lahat ng kani-kanilang swimming attire. Dahil sa hindi naman ako

makakalangoy, pinaresan ko na lang ng shorts ang top ko para di ako magmukhang out of place.

Nang magsimula na ang indakan sa may mismong pool sa pangunguna ng DJ, umupo lang ako sa gilid at inilublob ang mga paa ko sa tubig. Sobrang enjoy ang lahat. Nagtataksikan ang tubig kung saan-saan. Malaking-malaki ang pool pero halos napuno pa rin.

“Hey! Masama na naman ba uli ang pakiramdam mo?” Umupo sa tabi ko si Grey.

“Hindi naman. Konti lang,” sabi ko. “Hey, why don’t you party with them?”

“Wala kang kasama. Mabo-bore ka.”

“At hindi ako mabo-bore kung nandito ka? Gano’n ba ’yon?”

“Sort of.”

“I’ll just gaze at the stars above para hindi ako ma-bore. That would be fun for me more than your company,” biro ko at inismiran siya.

“Interesting. You still have that thing for celestial objects, huh?”

“Huh? What do you mean *still have*?”

Ngumiti lang siya sa akin. This time, hindi ako



na-mesmerize ng kanyang tabinging ngiti. Paano niya nalaman ang fondness ko sa mga ganoong bagay?

“You know what, you are funny,” sa wakas ay nagsalita na uli siya. “You still don’t remember me, do you? Nakakasakit ka na talaga. Ang dali mong makalimot.”

“Ano ba, Grey? Hindi ako manghuhula.”

*“I was the brightest star that everybody eagerly waited to fall. So I thought, maybe I really should. On my way down, I burned like hell. It was beyond painful, but they seemed fascinated.”*

Natigilan ako.

*“I tried to cry, but when I did...I exploded,”* pagpapatuloy ko sa tula niya. “I used to recite that all the time, noong bata pa ako. Nabasa ko ’ata sa isang book,” sabi kong namimilog ang mga mata kay Grey.

“I was there n’ung minsang ni-recite mo ’yun. We were classmates back then.” Tiningnan niya ang mukha ko, parang binabantayan ang reaction ko.

Napanganga na lang ako.

“We were in Grade Two sa *Del Valle Elementary School* sa Tagaytay. Pinag-talent tayo ni Ma’am n’ung minsan dahil sa wala siyang magawa. Hindi namin

maintindihan 'yung tula mo, pero na-capture kami kasi with feelings ka naman n'un sobra! May hand gestures pa." At tumawa siya.

"What the hell?"

"Siguro nga di mo na 'ko natatandaan. Nag-transfer ako sa *Del Valle* n'ung Grade Two pero umalis rin ako kaagad sa school. Lumipat uli kasi kami, sa Manila naman. Mga three weeks lang tayo naging magkaklase. And we were very young back then."

"Grabe. Wow. Ang galing ng memory mo."

"You know what, n'ung nag-perform ka, I sort of like fell in love with poetry. Sa pagkakatanda ko, doon nagsimula ang pagbabasa ko ng mga tula. Natuwa nga rin si Mama sa bago kong hilig na naging passion ko na through time. I became a poet because of you," nakangiti niyang sabi sa akin.

"Grey, I don't know what to say. Uhm, sorry kung di na kita maalala. Ugh! I'm so bad! At ako talaga ang nag-influence sa 'yo? Nice of you to say so. I'm glad. Pero I was just a kid back then." I smiled sheepishly. "Wala sa isip ko na ang mag-persuade ng iba into poetry. Nagustuhan ko lang talaga ang poem na 'yun kasi ang nakita kong image d'un is a shooting star. Sabi mo nga, I'm into celestial bodies. My love for

words just blossomed recently.”

“Ako, gradually. Basta nagsimula ’yun n’ung tumula ka. I do spoken word poetry now, by the way.”

“Really? Ako, nagsisimula pa lang diyan, eh,” pag-amin ko sa kanya.

*Gulat pa rin ako sa mga rebelasyon ni Grey. Diary, ’yung ultimate crush ko ngayon, nakilala ko na pala dati. Totoo ba talaga ’to?*

Patuloy lang ang kasiyahan ng mga bisita ni Elle. Nagkaroon ng inuman na pinayagan nina Auntie Emmie at Uncle Anjo.

Ako, hindi ako umiinom, at hindi talaga ako makakainom sa kondisyon ko. At kaming mga hindi umiinom ang naging taga-ihaw ng mga isaw. Kasama ko roon si Margs na tuwang-tuwa dahil magaganda ang mga kuha niya sa party na ilalagay niya sa blog niya. Si Mel naman ay binanatan talaga ang videoke. Si Lovely ay umiinom, maging si Elle.

Bandang alas doce na natapos ang party.

Kina Elle ako magpapalipas ng gabi dahil wala rin akong kasama sa bahay. Doon din matutulog ang mga kaibigan ko. Nakapagpaalam na sila sa kani-kanilang mga magulang na kinabukasan na sila uuwi.

Sinamahan ko si Grey maglakad patungo sa kotse niya nang siya na ang aalis.

“Are you sure kaya mo talaga?” tanong ko uli sa kanya.

“Oo nga, Hope. Hindi talaga ako uminom nang marami. I can still drive. Safely,” paniniguro niya.

“Okay, then. Ingat ka.”

“Wala man lang bang kiss? Paalis na ’ko, o,” banat niya sabay lapit ng kanyang pisngi sa akin, tumatawa.

“Ewan ko sa ’yo. Lakas ng trip mo!” Natawa na rin ako sa kanya.

“Sige na. Hindi ako aalis, bahala ka. Mas lalo pa akong gagabihin,”

Aba, nangonsyensya pa ang walang-hiyang ito!

“Crush, goodbye kiss, please?”

“Crush?”

“Oo, crush kita. In fact, I transferred to *Tegio University* to see you again. Ah, saka ko na ikukuwento. For now, kiss please?” Parang tuwang-tuwa siya.

Ano na ba itong pinagsasabi niya? Dahil sa gusto ko na siyang makauwi, pumayag na ako sa gusto niya.

Akmang hahalikan ko na ang kaliwa niyang pisngi nang humarap siya at ang mga labi niya ang lumapat sa mga labi ko.

Tumigil saglit ang puso ko. Nawalan ng hangin sa aking sistema. Naramdaman kong tila mawawalan na rin ako ng ulirat. Lumayo ako pero lumapit siya sa akin. Itinunghay niya ang nakayuko kong ulo. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin. Napako ako sa kinatatayuan ko. Nanghina ang mga tuhod ko. Ikinulong niya sa mga palad niya ang aking mukha.

“La-sing ka yata ta-laga,” nauutal kong sabi.

“Good night, Hope. Pumasok ka na. Malamig na dito.”

Dali-dali akong pumasok, hindi siya nililingon kahit damang-dama ko ang titig niya sa aking likod.

*Alam mo, Diary, kinailangan ko nang matulog agad dahil bukod sa mas lalo pa akong nahilo, hindi na kinaya pa ng utak ko na iproseso ang mga naganap noong gabing iyon. At kahit alam kong hindi pa dapat nangyari ang halik na iyon na isa nga lang dampi, di ko mapigilan ang kakaibang bugso ng kilig na ngayon ko lang naramdaman sa buong buhay ko.*

*Kahit nga dalawang araw na ang nakakaraan mula nang mangyari iyon habang nagsusulat ako sa*

*If I Choose - Kai Esperanza*

---

*'yo ngayon, umuunat pa rin ang mga labi ko sa isang pigil na ngiti.*

---

Mukhang hindi na talaga kami magkaklase sa Rizal ngayong araw.

Natapos ko na't lahat ang pagsusulat ko sa diary ko, hindi pa rin dumarating si Ma'am Ridafle. Ang malala pa nito, hindi rin pumasok si Grey. Ikinandado ko na ang aking kwaderno saka nangalumbaba habang hinihintay ang susunod na klase.